**PRESIDENT FERDINAND ROMUALDEZ MARCOS JR.'s**
**SPEECH AT THE DISTRIBUTION OF RICE IN DINAGAT ISLAND**
Municipality of San Jose, Dinagat Island
September 29, 2023

[00:00:01]
Maraming, maraming salamat sa pagpakilala ng ating Kalihim ng DSWD, Secretary Rex Gatchalian.

Ang Kalihim ng Natatanging Lingkod sa Pangulo Anton Lagdameo Jr.; ang ama ng probinsya ng Dinagat Nilo Demerey Jr.; ang Alkalde ng Munisipyo ng San Jose, Hero Ecleo; at ang Kinatawan ng isla ng Dinagat, Alan Ecleo; mga kasama ko sa lingkod bayan; ating mga benepisyaryo na nandito ngayon, maraming, maraming salamat sa inyong pagdating, magandang tanghali po sa inyong lahat. [applause]

Bago ang lahat, mabuti naman at ako'y nakabalik dito dahil noong huli kong pagbisita rito hindi pa ako nakaupo bilang Pangulo ngunit pinuntahan namin kayo dahil dinaanan kayo ng Typhoon Odette.

At nakita naman natin kung gaano… Mabuti naman medyo naka-recover na pero mukhang… Sabi nga ni Congressman, baka kulang pa ang tulong na dadalhin. So, sigurado may malaking folder na — ibabaon ko pauwi ng Maynila. Hindi bale, ganyan naman talaga trabaho ko. Kaya okay lang.

Syempre nais natin na — kagaya noong ating nakikita sa mga ibang lugar na tinamaan ng bagyo ay natamaan na nga, maraming nasira, dapat lagi natin alalahanin Build Back Better, na mas maganda iyong pumalit doon sa nasira para…

Alam naman natin nagbabago ang panahon, may climate change na tinatawag. Kailangan paghandaan na natin at alam natin na kahit papaano… Dati naman hindi ganyan kalakas ang mga bagyo. May bagyo talaga pero hindi ganyan kalalakas. Ngayon, dahil sa climate change, ngayon, dapat paghandaan na natin.

Mabuti naman at… Kaya't hindi lamang ang pag-recover ng mga nasira, mga building na kagaya nito at iyong mga nakikita natin na nasira noong Typhoon Odette, kung hindi mayroon na tayong plano para sa tourism industry ng Dinagat. [applause] Kaya iyong connectivity na tinatawag para mas madaling makabisita ang tao dito at syempre kailangan ng mga facilities, kailangan ng imprastraktura iyan.

[00:02:47]
Ang Dinagat medyo isolated nang konti kaya't kailangan natin gawan ng paraan para unang-una maganda iyong sa airport, iyon ang pinaka-madali. Pangalawa, iyong Ro-Ro, lahat ng nalagyan ng Ro-Ro nagamit ng husto iyan. Kaya't malaking bagay, mas madali nang pumunta sa Surigao, hindi na po kayo masyadong nahihirapan.

Kaya't iyan po ang mga pinaplano natin. Hindi lang maka-recover sa dati noong sitwasyon bago noong Typhoon Odette, kung hindi pagagandahin pa natin, palalampasin pa natin doon sa nakaraan. [applause]

Nandito po tayo ngayon upang personal na mamahagi ng bigas para sa mga minamahal nating kababayan dito sa Dinagat. Nagsanib-pwersa po kami ngayon — kasama ang DSWD at ang Local Government ng Dinagat — upang ipaabot sa inyo ang tulong ng gobyerno.

Kanina nasa Siargao kami at namahagi rin kami ng bigas roon sa ating benepisyaryo doon. Nagsikap po talaga kami na makarating dito upang mabigyan ng pantay na pagkakataon ang bawat probinsya, bawat isla, bawat pamilyang Pilipino sa buong bansa. Sapagkat ang ating bansa ay binubuo ng maraming kapuluan — kabilang ang Dinagat Islands — madalas ay may kahirapan ang paghatid ng mga pagkain, ng mga gamit, ng mga pangangailangan.  Ngunit hindi po tayo nagpapabaya.

Makakaasa kayo na patuloy kaming gumagawa ng kongkretong paraan upang malutas ang problema hinggil sa suplay at halaga ng mga pangunahing bilihin, lalung-lalo na ang bigas.

Namumuhunan tayo sa mga trak, bangka, makinarya at iba pang kagamitan sa pagsasaka at pangingisda upang mapabilis ang produksyon at paghatid ng mga ito sa merkado. Patuloy din po tayong nagpapatayo ng mga imbakan at imprastraktura sa transportasyon upang magkaroon ng mas mabilis at sistematikong daloy ang mga suplay at serbisyo sa lahat ng sulok ng bansa, kasama na ang Dinagat Islands. [applause]

Uulitin ko po iyong aking madalas na — sa nakaraang ilang araw ay madalas kong sinasabi at pinapaalala sa ating mga kababayan: Wala po tayong problema sa suplay ng bigas. Wala tayo sanang problema sa presyo ng bigas kung hindi

dahil sa biglang pagtaas ng presyo ng bigas at dahil sa laganap na smuggling at saka hoarding. Iyong smuggling basta't pinapasok ang mga bigas.

[00:05:37]
Hindi lamang iyon. Ang nangyayari, pagpasok ng mga ilegal na importation ng bigas, iniipit, hindi nilalabas. Inaantay ng mga hoarder na umakyat ang presyo ng bigas hangga't pagtaas ng presyo, saka nila ilalabas iyong kanilang tinago na bigas. Hindi naman talaga tama iyon.

At ang manipulasyong ginagawa ng mga smuggler, mga hoarder, at iba pang nagsamantalang negosyante ang nakakasira sa ating kabuhayan. Iyan po talaga ang ikinabibigat ng loob ko at hindi ko kayang palampasin. Kaya naman po gumawa tayo ng mga matitinding hakbang upang masugpo ang ilegal na gawaing ito.

Sa katunayan, ito nga pong mga bigas na ipapamahagi natin ngayon ay bahagi nang nasabat ng ating Bureau of Customs mula sa mga nahuling smuggler sa pier ng Zamboanga. Sino pa po ba ang dapat makinabang dito kundi kayong mga mamamayan din. Uuwi po kayong masaya ngayon dahil sa mga ayudang ito.

Sa puntong ito, inaanyayahan ko naman kayo na makipagtulungan sa pagbabantay laban sa mga ilegal na transaksyon kaugnay ng suplay ng pagkain. Kapag mahuli po tayong muli, naipamamahagi rin natin sa taumbayan. Hindi po kaya ng pamahalaang ito nang nag-iisa. Aasahan po natin ang patuloy ninyong kooperasyon sa paglutas ng ating mga suliraning panlipunan.

Ito po ang ginawa po natin dito, nahuli nga, nahanap ito sa Zamboanga, nakita ng Bureau of Customs natin dahil hindi sapat ang — Pag sinasabi, bilang ako'y Secretary of Department of Agriculture at hindi sapat na aayusin lang natin iyong sa produksyon. Kailangan natin ayusin iyong produksyon. Ngunit, sa kabilang panig naman ay kailangan din natin bantayan itong mga smuggler, itong mga hoarder dahil sinisira talaga nila ang kabuhayan ng tao, lalung-lalo na iyong mga pinaka-mahihirap at pinaka-nangangailangan ng tulong na mga Pilipino.

Kaya't ang ginawa natin noong napatunayan na ito ay ilegal ang pagpasok ay kinuha na ng Bureau of Customs at ang Bureau of Customs naman ang ginawa ay sinita iyong mga importer at sabi patunayan ninyo na legal itong pinasok ninyo. Pagka hindi nila mapatunayan, hindi sila makapagpakita ng mga — iyong papeles na nagpapatunay na legal ito ay kinukuha na ng Bureau of Customs. At pag kinuha na ng Bureau of Customs para naman madala natin sa taong-bayan, ginagawang donation sa DSWD.
Kaya't itong tatanggapin po ninyo ngayon donation ito galing sa DSWD na nahuling bigas ng Bureau of Customs na iniutos natin para mabawasan ang presyo ng bigas. [applause]

[00:08:51]
Lahat po, lahat iyong mga problema natin po ngayon ay hindi mga simpleng problema at marami tayong — maraming nagbabago, maraming hindi natin inaakalang mangyayari ay nangyayari kaya't kailangan po lahat ng ahensya ng pamahalaan ay nagtutulungan. Kaya't ganito po, ganyan po ang nangyari dito tungkol sa bigas. At patuloy po natin gagawin iyan.

At tinanong sa akin kanina: Papaaano ninyo i-sustain ang pagbigay ng smuggled na bigas? Paano iyan, pang habang-buhay? Ang sagot ko naman, ganito: 'Pag wala na kaming mahuli na smuggled na bigas at wala na kaming mahuli na hoarder, ibig sabihin bababa na ang presyo ng bigas at ibig sabihin maganda na ang suplay ng bigas. [applause]

Kaya't ito ay pansamantala dahil nakikita natin, talaga syempre ang ambisyon natin na wala nang ganyan, na matapos na iyong ganyan, para iyong presyo nga naman ng bigas ay hindi iyong biglang umaakyat at hindi natin malaman kung saan nanggagaling.

Dahil itong nakaraang ilang buwan, nakita natin umaakyat ang presyo ng bigas, tininitingnan, pinag-aaralan namin nang mabuti, wala namang dahilan kung bakit aakyat ang presyo ng bigas. Wala naman shortage sa supply. Umaani pa naman tayo ngayon. So, marami tayong bigas.

Wala namang panic buying. Wala namang namimili na inuubos sa tindahan lahat ng bigas. Wala namang ganun. Kaya't walang dahilan kung hindi nga dahil sa mga ginagawa ng mga smuggler at mga hoarder na atin ngayon ay huhulihin.

Kaya't kapit-kamay po nating tunguhin ang Bagong Pilipinas kung saan marangal, malusog at maunlad namumuhay ang ating mga mamamayan. [applause]

Ito po ang ating ginagawa, ang ginagawa po ng inyong pamahalaan at ginagawan natin ng paraan. Itong mga tinatawag na programa o scheme na para matulungan ang taong-bayan, ito ay patuloy naming iniisip. Kaya ngayon, ang mga benepisyaryo natin ay kinuha din sa listahan ng 4Ps ng DSWD at dahil ang utos ko sa kanila ay ilista ninyo iyong pinaka-nangangailangan at doon natin ibibigay. "Ipapasok ba natin sa market ito?" "Huwag na," sabi ko, "Ipamigay na natin." At hindi naman natin — ayaw naman natin pagkakitaan iyan. So, ito ngayon tayo.

At patuloy po, asahan po ninyo na ang pamahalaan ninyo ay hindi po — walang tigil po, walang pagod po na iniisip kung papaano kayo matulungan, kung ano pa, tinitingnan kung saan, kung sino-sino sa ating mga kababayan ang talagang nangangailangan, ano iyong tulong ang kanilang kailangan. Nakikinig po kami sa inyo kung ano sa inyong palagay ang aming dapat gawin.

Kaya't asahan po ninyo na kami po ay walang pagod na tuloy-tuloy na naghahanap ng paraan na matulungan lahat ng ating kababayan, lahat sa inyo na kahit na may kahirapan ang buhay ay kahit papaano ay makadulot naman ng kaunting ginhawa at tulong sa inyong lahat.

Maraming, maraming salamat po ating mga kababayan. Mabuhay po kayong lahat at magandang tanghali po. [applause]

[00:12:24]

* * *